

KONSULTASYON NG KOMUNIDAD AT ACTION-PLANNING WORKSHOP SA CALAYAN: MAY 2006



Mga Nilalaman

Mga Nilalaman.....	1
Buod.....	2
Acknowledgements.....	2
Introduction.....	3
Bakit may konsultasyon?	3
Konsultasyon ng komunidad.....	3
Consolidation and action-planning workshop	6
Proceedings ng mga konsultasyon.....	7
Cabudadan.....	7
Centro-2/Poblacion	9
Dilam.....	11
Dibay.....	13
Longog.....	14
Magsidel.....	16
Kaniwalan	17
Dadao	19
Consolidation and Action Planning Workshop.....	21
Calayan Conservation Action Plan Jun 2006 – May 2007	23
Buod at Konklusyon	27
Annex 1 – List of Participants	29
Annex 2 – Mga Pagbabago	33
Annex 3 – Calayan Rail Survey Update	36
Annex 4 – ISLA Visual Aid.....	38
Annex 5 – Sample Evaluation Form.....	38
Annex 6 – Mga Larawan ng Kagubatan	39
Annex 7 - Photo gallery	40

Buod

Nagsagawa ang Isla Biodiversity Conservation, Inc. sa pamamagitan ng Calayan Rail Project ng konsultasyon sa mga komunidad ng isla ng Calayan upang malaman kung paano mapapangalagaan ng komunidad ang kalikasan at ang piding, at ibahagi ang resulta ng survey ng piding. Nakipag-usap kami sa mga tao sa barangay at sitio ng Cabudadan, Centro-2/Poblacion, Dilam, Dibay, Longog, Magsidel, Kaniwalan at Dadao noong May 11-28, 2006. Sa mga konsultasyong ito nalaman namin: (1) ang konsepto ng komunidad sa kalikasan; (2) ang mga pagbabago sa kalikasan sa kanya-kanyang lugar; at (3) ang mga hakbang na gustong gawin ng mga tao para mapangalagaan ang kalikasan. Noong May 30, 2006 ang mga output na ito ay ibinahagi namin sa mga ahensya ng gobyerno at organisasyon na may katungkulan sa pangangalaga sa kalikasan at sama-samang gumawa ang mga dumalo ng consolidated action plan para sa pangangalaga sa kalikasan sa Calayan. Ang mga napag-usapang hakbang ay may layuning: i-kontrol ang pagkakaingin, magbigay ng suportang panghanap-buhay, gumawa ng information at education campaign, magtatag ng protected area o sanktwaryo sa Calayan at palakasin ang pagpapatupad ng batas na pang-kalikasan.

Acknowledgements

Isla Biodiversity Conservation, Inc. would like to thank:

Our volunteers Karina Javier, Harvey John Garcia, Michael Morales, Holy Rumusud, Roel Payas, Miguel Suarez, Neil Nuñez, Gedielyn Paje, Raul Jennifer Castillejos and Kenny Escalante who facilitated and assisted in the consultation activities; Calayan LGU and barangay officials, especially Mayor Joseph Llopis and MENRO Bella Llopis, Barangay Captains Nestor Heruela, Rodel Maquiraya, Angel Escalante Sr., German Duerme, Guillermo Bumagat, Lino Escalante and Rodolfo Nuñez who offered support and logistical assistance; DENR RTD-PAWCZMS Jovito Layugan Jr., and CENRO Vicente Bayucan for their support of our project; our friends Vicky Arellano, Armando Llopis, Alfredo Jr. and Emma Ruiz who provided logistical assistance; all Calayan residents who attended our consultation workshops. This project could not have been possible without funding from the BP Conservation Programme.

Introduction

Bakit may konsultasyon?

Naniniwala ang Isla Biodiversity Conservation, Inc. na ang pangangalaga ng kalikasan ay nasa kamay ng komunidad na kumikilos dito. Malaki ang pagkakilala ng komunidad sa pag-gamit at kasaysayan ng kanilang kapaligiran. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na malaman ang isinasaisip ng mga mamamayan tungkol sa kalikasan at sa pangangalaga nito.

Sa pag-konsulta ng mga mamamayan mula sa iba't ibang barangay, malalaman natin ang mga problema at solusyon na karaniwan sa bawat barangay o natatangi sa isang barangay. Ang kaalamang ito ay makatutulong sa pagpa-plano ng iba't ibang ahensya at organisasyon na may katungkulan sa pangangalaga sa kalikasan.

Konsultasyon ng komunidad

Nagsagawa kami ng konsultasyon sa walong (8) barangay at sitio sa Calayan mula May 11 hanggang May 28, 2006. Nakalista sa Table 1 ang mga lugar at petsa kung kailan isinagawa ang mga konsultasyon.

Table 1. Schedule ng konsultasyon

Barangay/Sitio	Date	Venue
Cabudadan	11 May 2006	Cabudadan Barangay Hall
Centro-2/Poblacion	13 May 2006	Centro-2 Barangay Hall
Dilam	20 May 2006	Capt. German Duerme's Residence, Rarasi, Dilam
Dibay	22 May 2006	Pilid Primary School, Dibay
Longog	24 May 2006	Enrique Duero's Residence, Longog
Magsidel	26 May 2006	Magsidel Barangay Hall
Kaniwalan	27 May 2006	Kaniwalan Primary School
Dadao	28 May 2006	Dadao Barangay Hall
Consolidation	30 May 2006	Calayan Multi-purpose Hall

Gumamit kami ng participatory framework sa pag-konsulta. Layunin ng bawat konsultasyon sa barangay at sitio na:

- Malaman kung paano mapapangalagaan ng komunidad sa Calayan ang piding at ang kalikasan
- Malaman kung anong suporta ang kailangan ng komunidad galing sa iba't ibang ahensya at organisasyon sa pangangalaga ng kalikasan
- Maibahagi sa mga taga-Calayan ang resulta ng survey ng piding

Sa bawat konsultasyon, inimbitahan naming dumalo ang mga sumusunod:

- barangay captain
- barangay kagawad (puno ng environment committee at agriculture committee)
- mga representative ng mga people's organization tulad ng farmer's organization at Rural Improvement Club (RIC)
- mga mamamayan na umaasa sa kagubatan tulad ng upland at lowland farmers, chainsaw operators at furniture manufacturers.

Inanyayahan din namin ang mga representante ng mga sumusunod na opisina para maging observer:

- Calayan LGU (Municipal Environment and Natural Resource Office, Municipal Agriculture Office at Sangguniang Bayan)
- Department of Environment and Natural Resources (DENR Region II at CENRO-Sanchez Mira)
- Worldwide Fund for Nature (WWF)-Philippines

Nilalaman ng Table 2 ang kabuoang bilang ng mga dumalo sa bawat konsultasyon. Makikita naman sa Annex 1 ang kumpletong listahan ng mga participants.

Table 2. Participation sa mga konsultasyon

Barangay/Sitio	Bilang ng lalaking participants	Bilang ng babaeng participants	Total
Cabudadan	23	5	28
Centro-2/Poblacion	11	19	30
Dilam	24	3	27
Dibay	29	15	44
Longog	20	10	30
Magsidel	14	7	21
Kaniwalan	13	10	23
Dadao	33	12	45
TOTAL	167	81	248

Ang mga konsultasyon sa Cabudadan, Centro-2/Poblacion, Dilam, Dibay at Magsidel ay isinagawa sa wikang Tagalog, subali't mayroon kaming kasamang Ilocano translator na tumutulong kung kailangan. Sa Longog, Kaniwalan at Dadao, ginamit namin ang wikang Ilocano sa konsultasyon.

Daloy ng konsultasyon

Nasa ilalim ang balangkas ng daloy ng konsultasyon na aming ginamit at pagpapaliwanag sa mga gawain o activities na ginamit sa mga konsultasyon. Sa bawat konsultasyon, minsan ay nag-iba ang pagkakasunud-sunod ng ilang bahagi. Makikita sa Proceedings section ang mga detalye ng bawat konsultasyon.

- *Group dynamics o ice-breaker*

Gumamit kami ng mga simpleng laro tulad ng “Bato-bato,” “Kwentong kalabaw,” at “7-Up” na pinangunahan ng facilitator sa simula ng activity para magising at magkapalagayang-loob ang mga participants.

- *Pakilanlan*

Dito isa-isang nagpakilala ang bawat participant.

- *Mga inaasahan o expectations check*

Ang layunin ng bahaging ito ay malaman ang mga inaasahan o expectations ng mga participants sa umaga ng konsultasyon at malaman kung makakamit sa konsultasyon ang mga inaasahan na iyon. Aming inalam ang kanilang inaasahan sa mga sumusunod: (1) sa sarili, (2) sa mga kasama, (3) sa facilitator at sa ISLA, at (4) sa gawain sa umagang iyon. Sa mga malalaking grupo, hinati namin ang kapulungan sa 3-5 na maliliit na grupo para mapag-usapan ang mga inaasahan nila. Pagkatapos ng talakayan sa bawat grupo, ang mga inaasahan nila ay ini-report ng isang representative sa buong pulong. Sa maliliit na grupo naman, isa-isang nagbigay ng inaasahan ang bawat participant sa buong kapulungan. Isinulat ang kanilang mga inaasahan nang table-form sa Manila paper.

- *Pagpapakilala sa Isla Biodiversity Conservation, Inc. at Calayan Rail Project*

Ipinaliwanag ni Mr. Carl Oliveros kung ano ang Isla Biodiversity Conservation, Inc. at kung ano ang layunin nito. Ipinaliwanag din niya ang layunin ng Calayan Rail Project at ng konsultasyon. (Tingnan ang Annex 4 para sa laman ng visual aid na ginamit.)

▪ *Batayang konsepto sa pag-susuri o Tools for analysis*

Para makatulong sa pagsusuri ng mga bagay, pangyayari at idea, humingi kami ng kasunduan sa mga participants sa tatlong statements:

Batayang konsepto sa pagsusuri (tools for analysis)

- *Lahat ng bagay ay may batayan/dahilan*
- *Lahat ng bagay ay nagbabago*
- *Lahat ng bagay ay magkakaugnay*

▪ *Ano ang kalikasan?*

Mahalaga na malaman natin ang konsepto ng komunidad sa kalikasan dahil dito natin maiintindihan kung paano sila kumikilos dito. Tinanong namin sa mga tao kung ano ang “kalikasan” (o “nakaiparsuaan” sa Ilocano) para sa kanila at para saan o para kanino ito. Sa mga malalaking grupo, muli naming hinati ang kapulungan sa 3-5 na maliliit na grupo para mapag-usapan ang kanilang konsepto ng kalikasan. Pagkatapos ng talakayan sa bawat grupo, ang kanilang mga sagot ay ini-report ng isang representative sa buong kapulungan. Sa maliliit na grupo naman, isa-isang nagbigay ng sagot ang bawat participant sa buong kapulungan. Isinulat ang mga konsepto ng mga tao sa kalikasan nang table-form sa Manila paper.

▪ *Mga pagbabago sa kalikasan*

Matapos malaman ang konsepto ng mga tao sa kalikasan, tinanong naman namin ang mga tao kung anu-ano ang mga pagbabagong nakita nila sa kalikasan at sa kanilang pamumuhay sa mga nakalipas na dekada. Isa-isa naming tinanong ang mga tao mula sa pinaka-matandang participant hanggang sa pinakabata. Inilarawan namin ang mga pagbabagong ito sa pamamagitan ng isang timeline. (Tingnan sa Annex 2 ang mga resulta.)

Nagpakita rin kami ng mga larawan ng kalikasan sa iba’t ibang lugar at mga pagbabagong nangyari sa mga lugar na iyon (tingnan ang Annex 6.) Nagbahagi kami ng mga karanasan ng masasamang pagbabagong nangyari sa mga lugar tulad ng Gen. Nakar sa Quezon province at St. Bernard sa Leyte.

▪ *Action planning*

Tinanong namin sa mga participants kung ano ang magagawa ng komunidad para maiwasan ang mga masasamang pagbabago sa kalikasan sa kanilang lugar. Tinanong din namin kung anong ahensya ng gobyerno o organisasyon ang makakatulong sa bawat hakbang. Sa mga malalaking grupo, muli naming hinati ang kapulungan sa 3-5 na maliliit na grupo para mapag-usapan ang kanilang mga mungkahing gawain. Pagkatapos ng talakayan sa bawat grupo, ang kanilang mga sagot ay ini-report ng isang representative sa buong kapulungan. Sa maliliit na grupo naman, isa-isang nagbigay ng sagot ang bawat participant sa buong kapulungan. Isinulat ang mga mungkahing gawain nang table-form sa Manila paper.

▪ *Pagbabahagi ng resulta ng survey ng piding*

Nagbahagi si Mr. Carl Oliveros ng update ng resulta ng survey ng piding sa Calayan. Tingnan ang Annex 3 para sa mga detalye.

▪ *Evaluation*

Nagpamahagi kami ng mga evaluation forms sa mga participants. (Tingnan ang Annex 5 para sa halimbawa ng form.) Pinasuri namin sa kanila ang konsultasyon sa aspeto ng Paksa, Daloy at Facilitator. Humingi rin kami ng karagdagang puna sa kanila tungkol sa pagsagawa ng konsultasyon.

Consolidation and action-planning workshop

Nagsagawa kami ng isang Consolidation and Action-Planning Workshop sa munisipyo ng Calayan noong May 30, 2006. Layunin ng workshop na ito na:

- Maipa-alam sa mga iba't ibang ahensya ng gobyerno at organisasyon na may katungkulan sa pangangalaga ng kalikasan sa Calayan ang resulta ng konsultasyon sa mga barangay at sitio.
- Bumuo ng isang Consolidated Action Plan batay sa mga mungkahi ng iba't ibang barangay at sitio at mga nakalipas na action plan.

Inimbitahan namin na dumalo sa workshop ang mga sumusunod:

- Dalawang (2) representative mula sa bawat barangay o sitio kung saan nagkaroon ng konsultasyon
- Calayan Municipal Environment and Natural Resource Office (MENRO)
- Calayan Municipal Agriculture Office (MAO)
- Calayan Municipal Assessor's Office
- Calayan Municipal Planning and Development Coordinator's Office (MPDCO)
- Sangguniang Bayan (SB) ng Calayan
- Department of Environment and Natural Resources (DENR) - Region II
- Community Environment and Natural Resources Office (CENRO)-Sanchez Mira
- Philippine National Police (PNP)-Calayan
- Worldwide Fund for Nature (WWF)-Philippines

Makikita sa Annex 1 ang kumpletong lista ng mga dumalo sa workshop.

Ginamit namin ang wikang Tagalog sa pagsagawa ng workshop.

Daloy ng workshop

- *Mga paghahanda sa action-planning*

Gaya ng mga konsultasyon sa mga barangay at sitio, ang workshop ay nagsimula sa pakilanlan, mga inaasahan o expectations check at ang pagpapakilala sa ISLA at Calayan Rail Project. Sumunod dito ang pagbabahagi ng resulta ng survey ng piding at ang pagtatakda ng mga "house rules" at batayang konsepto sa pagsusuri o tools for analysis.

- *Pagbabahagi ng resulta ng mga konsultasyon sa mga barangay at sitio*

Ibinahagi namin ang pinag-sama-samang resulta ng mga konsultasyon sa iba't ibang barangay at sitio: ang kanilang konsepto ng kalikasan, ang mga pagbabago sa kanilang mga lugar at ang mga minungkahi nilang action steps para mapangalagaan ang kalikasan.

- *Action-planning*

Sa bahaging ito, hinati namin ang kapulungan sa anim na maliliit na grupo. Bawat isang maliit na grupo ay nagre-representa sa mga sumusunod na ahensya: PNP, MPDCO, MAO, LGU/Assessor's Office, MENRO at SB. Ang mga grupo ay binuo ng mga representative sa kinauukulang opisina/ahensya at ng mga representative ng mga barangay at sitio. Batay sa pinag-sama-samang action points ng mga konsultasyon sa mga barangay at sitio, gumawa ang bawat grupo ng specific action points nila na may tinakdang tao o ahensyang gagawa at planong petsa kung kailan ang mga ito gagawin.

Matapos ang talakayan ng bawat grupo, ang kanilang output ay ini-report ng bawat grupo sa buong kapulungan at ang lahat ay binigyan ng pagkakataon na magbigay ng puna o mungkahi sa output. Kasabay nito, pinag-sama-sama ng buong grupo ang mga action items mula sa iba't ibang ahensya na pareho o magkaugnay para bumuo ng isang consolidated action plan. Matapos ma-consolidate ang action plan, ito'y ini-review ng buong grupo at ang bawat participant ay binigyan ng kopya ng consolidated action plan.

Proceedings ng mga konsultasyon

Cabudadan

Date: 11 May 2006, 9:15 a.m. – 3:20 p.m.
Venue: Cabudadan Barangay Hall, Calayan, Cagayan
Attendees: Hanapin sa Annex 1 (28 participants)
Facilitator/s: Yen Javier
Schedule and highlights:

9:15 a.m.: Group dynamics: Kwentong kalabaw

9:19 a.m.: Pakilanlan

9:34 a.m.: Mga inaasahan (group discussion at reporting)

 Sarili	 Kasama	 Facilitator at ISLA	 Gawain
Group 1: - Makapagbahagi tungkol sa kalikasan - Makinig sa sarili, kasama, ISLA - Makinig at i-absorb ang conservation ideas	- Marinig ang opinyon ng mga tao - Magsama-sama - Maging masaya - Hindi mahiya	- Malaman ang maibabahagi ng ISLA - Bilang miyembro ng komunidad, maging tapat	- Maging makabuluhan - Makakain mamamayang tanghali - Magawa
Group 4: - Maging protector ng forest - Maging leader	- Cooperation - Educational campaign - Maging member	Dagdagan ang nalalaman para ma-conserve ang forest	- Kung paano ma-conserve ang forest sa Cabudadan - Coordinator
Group 3 : Matutunan nang mas malalim ang pangangalaga ng kalikasan at piding			
Group 2:	Mabahagi sa iba ang nalalaman	Malaman sa Isla ang tungkol sa Piding	Hindi lang sa salita, pati na rin sa gawa
Group 5 : - Malaman ang idi-discuss ngayon - Paano ang gagawin sa agenda		Mahalin ang lahat ng nabubuhay sa isla	Implementasyon

- Batayang konsepto sa pagsusuri

10:39 a.m.: Ano ang kalikasan? (group discussion at reporting)

Ano ang kalikasan?	Para saan ito?
▪ Lahat ng nakikita sa kalikasan ▪ Di gawa ng tao: halaman, kabundukan ▪ Lahat ng gawa ng Diyos kahit noong tayo ay wala pa ▪ Ginawa ng Diyos ▪ Pinanggalingan at lahat ng ginagawa ▪ Kinagisnan	▪ Lahat ng tao ▪ Pinagkukunan ng gamot ▪ Ikinabubuhay: pangingisda at pagtatanim ▪ Tamang pag-gamit ng kahoy, isda ▪ Turista ▪ Para sa ikabubuhay ng tao ▪ Para sa bahay; infrastructure ▪ Ekonomiya ▪ Para sa hayop ▪ Para sa edukasyon ▪ Para sa susunod na henerasyon ▪ Pagkukunan ng ulam

- Ano ang mga pagbabago sa mga nakalipas na dekada ?

(Hanapin sa Annex 2 ang output)

- Conrado: Dumami ang tao kaya may mga problemang ito. Natural ang insecticide [dati]. Pati kalabaw ay walang namamatay. Iwasan ang paggamit ng insecticide... pero kailangan. Para mabuhay tayo, agriculture [ang dapat tutukan]. Kung makagawa ng paraan para mabigyan ng oportunidad sa agriculture.

12:00 p.m.: Lunch break

1:05 p.m.: Carl: Pagpapakilala ng Isla Biodiversity Conservation, Inc. at ng Calayan Rail Project; Pagbabahagi ng resulta ng survey ng Piding

- Discussion ng mga pagbabago
- Ano ang ating magagawa para mapangalagaan ang kalikasan?

Action Plan
▪ Kaalaman - o Pagsasaka (paggamit ng fertilizer at hybrid rice) - o Kaugnayan ng tao at kalikasan - o Water cycle (ano ang role ng mga puno sa pagbigay ng tubig) - o Para-legal training (kung paano magsita ng illegal) ▪ Patubig ▪ Reforestation Program ▪ Forest Protection Program

3:07 p.m.: Evaluation

3:16 p.m.: Distribution of tokens (t-shirts)

3:20 p.m.: End of program

Centro-2/Poblacion

Date: 13 May 2006, 9:00 a.m. – 12:40 p.m.
Venue: Centro-2 Barangay Hall, Calayan, Cagayan
Attendees: Hanapin sa Annex 1 (30 participants)
Facilitator/s: Yen Javier
Schedule and highlights:

9:00 a.m.: Group dynamics: 7-Up
 9:11 a.m.: Pakilanlan
 9:28 a.m.: Carl: Pagpapakilala ng Isla Biodiversity Conservation, Inc. at Calayan Rail Project
 9:40 a.m.: Mga inaasahan (group discussion at reporting)

 Sarili	 Kasama	 Facilitator at ISLA	 Gawain
- Matuto tungkol sa conservation - Makisama - Makilala ang mga tao - Makatulong sa conservation	- Mag-participate sa Gawain - Makibahagi - Magkaisa at magtulungan	- Mabahagi lahat ng kanyang nalalaman - Magbahagi ng suporta	- How to protect the forest, piding - Suhestyon sa mga lalabas na problema ngayon - Matupad anuman ang mapag-usapan dito

- Batayang konsepto sa pagsusuri

10:28 a.m.: Ano ang kalikasan? (group discussion at reporting)

Ano ang kalikasan?	Para saan ito?
- Biyaya ng Diyos - Ilog - Bundok - Hangin - Kapaligiran - Maliit hanggang malaki	- Para sa tao - Para sa lahat ng nabubuhay - Kasangkapan ng tao

- Ano ang mga pagbabago sa mga nakalipas na dekada ?
(Hanapin sa Annex 2 ang output)
- Marilou: Ang pagliit ng ilog ay pagputol ng kahoy ang dahilan
- Becca: walang limitasyon
- Delia: Paggamit ng poison at kuryente ang dahilan ng pagkawala ng udang
- Marilou: pagkawala ng mga orchids ay dahil sa pagtitinda
- Sherwin: pagdami ng tao (hindi problema), sitwasyon lang
 - Konsumo ay tumataas
 - Hinuhuli na ang mga ibon

- Marilou: dahil sa pagtatapon ang pagdumi sa ilog
- Pagpapakita ng larawan ng kalikasan

12:03 p.m.: Action-planning (group discussion at reporting)

<i>Group 1</i> ▪ Bumuo ng body na magbabantay na may right to apprehend ▪ Ipatigil ang quarrying ▪ Survey at kanino pwedeng kuhanan ang quarry ▪ I-revive ang fish warden/bantay dagat ▪ I-elevate yan sa May 30 ▪ Pagbuo ng body ay may kamustahan tungkol sa mga bagay-bagay	<i>Group 2</i> ▪ Makipagtulungan sa pagbuo ng barangay ordinance ▪ Ibalik ang sagip kalikasan ▪ Ipaalam sa MENRO ▪ Magbigay ng paraan para malaman ang batas ▪ Kausapin ang nagko-compressor ▪ Ibigay ang hotline ng mga awtoridad
--	--

- Alex: maaaring hindi na magbukas ng panibagong kaingin
- Kap: patigilin, mungkahing bigyan ng bagong resolusyon
- Anta: dapat yung nakakaalam sa batas ang umaksyon dahil wala kaming alam sa batas
- Dely: dapat bantayan ang pag-iimplement
- Kapitan: dapat ako, mga kagawad, BFAR, BFAD, DENR, DA... Siguro, malaki ang maitutulong namin.
- Sherwin: hindi ba pwedeng bumuo ng isang grupo para kahit wala kayo ay may gumagawa ng mga dapat gawin tungkol sa pag-aalaga ng kalikasan.
- Evaluation
- Distribution of tokens (t-shirts)

12:40 p.m.: End of program

Dilam

Date: 20 May 2006, 8:55 a.m. – 11:50 p.m.
Venue: Kap. German Duerme Residence, Rarasi, Brgy. Dilam, Calayan, Cagayan
Attendees: Hanapin sa Annex 1 (27 participants)
Facilitator/s: Yen Javier
Schedule and highlights:

8:55 a.m.: Group dynamics: Kwentong kalabaw

9:03 a.m.: Pakilanlan

9:07 a.m.: Mga inaasahan (group discussion at reporting)

 Sarili	 Kasama	 Facilitator at ISLA	 Gawain
- Magkaroon ng tiwala - Magkaroon ng kaalaman sa idi-discuss	- Magkaroon ng pagtutulungan - Magkaroon ng unawaan - Magkaroon ng ibabahagi sa isa't isa	- Tanggapin ng tao ang sasabihin - Kung anuman ang sasabihin, i-share	- Sabihin ang kahalagahan ng pag-conserve - Tuparin ang mapapag-usapan

09:28 a.m.: Carl: Pagpapakilala ng Isla Biodiversity Conservation, Inc. at ng Calayan Rail Project

- Batayang konsepto sa pagsusuri

09:36 a.m.: Ano ang kalikasan?

Ano ang kalikasan?	Para saan ito?
- Lahat ng nakikita sa mundo: isda, bundok, tubig - Lahat ng nakikita – ibinigay ng Diyos - Natural resources - Unang nilikha ng Diyos para sa tao - Dito nabubuhay, bigay ng Diyos	- Para sa atin/akin, sa ating mga anak - Para sa mamamayan, bawat nilalang - Dito kinukuha ang ikinabubuhay - Para sa susunod na henerasyon - Ingatan dahil dito nabubuhay, kinabukasan ng mga anak

- German: Lahat ng nakikita natin, kagubatan, etc. Kailangan ito ma-protektahan para hindi maubos, para sa atin, sa ating mga anak.
- Gil : Lahat ng nakikita natin, living at non-living, lahat ng binigay ng Diyos. Para sa bawat nilalang sa mundo.
- Gloria: Natural resources, lahat, kung saan natin kinukuha ang para sa ating ikabubuhay.
- Josie: the same, para sa susunod na henerasyon.
- Grace: Nilikha ng Diyos para sa tao, dapat ingatan dahil dito tayo nabubuhay.
- Fortunato : Dito tayo nabubuhay sa kalikasan. Binigay sa atin ng Diyos
- Sabino: Para sa aking mga anak at susunod na henerasyon
- Rodrigo: Natural resources para sa akin at sa susunod na henerasyon
- Reynaldo: Dapat alagaan natin para sa kinabukasan ng anak.

09:50 a.m.: Ano ang mga pagbabago sa mga nakalipas na dekada ?

(Hanapin sa Annex 2 ang output)

- Pagpapakita ng larawan ng kalikasan

10:20 p.m.: Action-planning (group discussion at reporting)

Gawain	Sino ang gagawa?
▪ Kontrolin ang pangangaingin ▪ Teknolohiya ng pagpapadami ng ani kahit kaunti ang tubig ▪ Samahan o organisasyon para kontrolin ang kaingin ▪ Seminar para sa self-employment ▪ Kaalaman: kahalagahan ng kalikasan ▪ Special survey ▪ Patubigan ang iba pang sakahan ▪ Tukuyin ang alienable land ▪ Ihinto ang sobrang pangangaingin - o Pagyamanin ang bukas nang kaingin - o Mag-alaga ng hayop ▪ Pagdami ng bata: seminar ▪ Re-forestation program ▪ Itigil ang pagkakaingin - o Patubig sa sakahan - o Tulong sa nagpapastuhan: i-release para sa kanila	▪ DENR ▪ DA technicians ▪ Mamamayan ng Dilam sa pangunguna ng barangay officials ▪ LGU ▪ Agri/DENR ▪ Agri/DENR ▪ LGU ▪ DENR ▪ Nangangaingin ▪ DOH ▪ DENR ▪ LGU, iba pang ahensya

- Carl: Pagbabahagi ng resulta ng survey ng piding.
- Evaluation
- Distribution of tokens (t-shirts)

11:50 p.m.: End of program

Dibay

Date: 22 May 2006, 9:06 a.m. – 12:30 p.m.
Venue: Pilid Primary School, Brgy. Dibay, Calayan, Cagayan
Attendees: Hanapin sa Annex 1 (44 participants)
Facilitator/s: Michael Morales, Yen Javier
Schedule and highlights:

09:11 a.m.: Group dynamics: Bato-bato

- Pakilanlan

09:23 a.m.: Mga inaasahan (group discussion at reporting)

 Sarili	 Kasama	 Facilitator at ISLA	 Gawain
▪ Makakain ▪ Makapagbahagi ▪ Malaman ang di pa nalalaman ▪ Makinig ▪ Makapagbigay ng payo	▪ Makinig ▪ Kooperasyon ▪ Respeto sa isa't isa	▪ Magtyaga ▪ Explain well and loud ▪ May ibabahagi ▪ Malaman ang sadya ▪ Para sa kabutihan	▪ Magandang implementasyon ▪ Makapulot ng magandang ideya

09:46 a.m.: Carl: Pagpapakilala ng Isla Biodiversity Conservation, Inc. at ng Calayan Rail Project

09:55 a.m.: Ano ang kalikasan? (Group discussion at reporting)

Ano ang kalikasan?	Para saan ito?
▪ Bigay ng Diyos ▪ Kayamanan sa kapaligiran ▪ Blessing from God	▪ Para sa umpisa at katapusan ng mundo ▪ Para sa tao at hayop sa mundo ▪ Para sa lahat at sa mga susunod na henerasyon ▪ Para din sa piding

- Guillermo : Kung ano ang nakita natin noon, kung itoy maganda dapat ganun din ang maiwan natin

- Batayang konsepto sa pagsusuri

- Ano ang mga pagbabago sa mga nakalipas na dekada ?

(Hanapin sa Annex 2 ang output)

- Pagpapakita ng larawan ng kalikasan

11:23 a.m.: Carl: Pagbabahagi ng resulta ng survey ng piding

11:37 a.m.: Action-planning (group discussion at reporting)

Gawain	Sino ang gagawa?
- Bumuo ng organisasyon para magbantay sa gubat - Kaalaman - Itigil ang pagkakaingin - Reforestation - Alternatibong livelihood project - pagtuturo - Brigada/asosasyon para sa kalikasan - Forest reserve	- Barangay - Kapitan, NGO, LGU - Lahat ng komunidad sa pangunguna ng barangay officials - ISLA - Mga tao, barangay officials - DENR

- Distribution of tokens (t-shirts)
- Activity: Magkaisa tayo

12:30 p.m.: End of program

Longog

Date: 24 May 2006, 9:21 a.m. – 12:30 p.m.
Venue: Enrique Duero Residence, Longog, Calayan, Cagayan
Attendees: Hanapin sa Annex 1 (30 participants)
Facilitator/s: Michael Morales, Yen Javier
Schedule and highlights:

9:21 a.m.: Group dynamics: Bato-bato

- Pakilanlan

9:33 a.m.: Mga inaasahan (group discussion at reporting)

 Sarili	 Kasama	 Facilitator at ISLA	 Gawain
- Gawin ang ikabubuti - Makapagpahinga - Magkaintindihan	- Magkaintindihan - Makipagtulungan at makisama - Maging masaya	- Ipaliwanag ang hindi pa alam - Malaman ang hindi pa alam - Magkakilala	- Matupad ang pag-uusapan - Magawa ang ikabubuti

- Carl: Pagpapakilala ng Isla Biodiversity Conservation, Inc. at ng Calayan Rail Project
- Ano ang kalikasan?

Ano ang kalikasan?	Para saan ito?
▪ Kayamanan ▪ Matiwasay na pamumuhay ▪ Buhay ▪ Lahat-lahat	▪ Para sa amin ng taga-Longog ▪ Para sa amin ▪ Para sa susunod na henerasyon

- Batayang konsepto sa pagsusuri

10:40 a.m.: Pagpapakita ng larawan ng kalikasan

10:45 a.m.: Ano ang mga pagbabago sa mga nakalipas na dekada?

(Hanapin sa Annex 2 ang output)

- Action-planning (group discussion at reporting)

Gawain	Sino ang gagawa?
▪ Isa lang dapat na lugar ang bubuksan ng kaingin ▪ Itigil ang kaingin ▪ Itigil ang pag-chainsaw ▪ Makinig ang mga tao sa DENR ▪ Itigil ang paggamit ng illegal na paraan ng pangingisda ▪ Magbukas ng bagong kaingin para sa susunod na henerasyon	▪ Mga tao ▪ Mga tao ▪ DENR ▪ Mga tao ▪ Mga tao, BFAR ▪ Mga tao

- Carl: Pagbabahagi ng resulta ng survey ng piding.
- Evaluation
- Distribution of tokens (t-shirts)

12:30 p.m.: End of program

Magsidel

Date: 26 May 2006, 9:03 a.m. – 12:19 p.m.
Venue: Magsidel Barangay Hall, Calayan, Cagayan
Attendees: Hanapin sa Annex 1 (21 participants)
Facilitator/s: Yen Javier, Holy Rumusud
Schedule and highlights:

09:03 a.m.: Group dynamics: Bato-bato

09:07 a.m.: Pakilanlan

09:13 a.m.: Mga inaasahan

 Sarili	 Kasama	 Facilitator at ISLA	 Gawain
- Matuto ng marami - Madagdagan ang kaalaman - Pagkakaisa - Cooperation - Malaman ang hindi pa nalalaman - Matulungan	- Makisama at magtulungan - Pakikiisa - Maintindihan lahat - Kooperasyon sa iba - Mas maganda kung sama-sama	- Mag-educate tungkol sa kalikasan - Maibahagi ang kaalaman - Maibahagi ang nalalaman sa kalikasan	- Conservation - Kalikasan

- Carl: Pagpapakilala ng Isla Biodiversity Conservation, Inc. at ng Calayan Rail Project

09:30 a.m.: Ano ang kalikasan?

Ano ang kalikasan?	Para saan/kanino ito?
- Pangangailangan ng tao tulad ng kahoy - Kapaligiran tulad ng gubat, dagat, bundok, ilog, isda - Kung saan tayo nakatira - Mga natural na bagay sa paligid, may buhay man o wala - Binigay ng Diyos - Lugar na napagmulatan	- Para sa lahat ng tao - Para sa susunod na henerasyon - Para sa lahat ng nabubuhay

09:50 a.m. : Batayang konsepto sa pagsusuri

- Ber: may responsibilidad ang bawat isa na magprotekta sa kalikasan.

10:04 a.m.: Ano ang mga pagbabago sa mga nakalipas na dekada ?

(Hanapin sa Annex 2 ang output)

10:40 a.m.: Pagpapakita ng larawan ng kalikasan

10:51 a.m.: Action-planning (group discussion at reporting)

Gawain	Sino ang gagawa?
<i>Group 1</i> ▪ bumuo ng “guardians of the forest”/Bantay Kalikasan ▪ seminars on fishing and forestry laws ▪ livelihood projects <i>Group 2</i> ▪ Bantayan ang kalikasan ▪ Alagaan ang kabundukan <i>Group 3</i> ▪ Pigilan ang nagpuputol ng malalaking kahoy <i>Group 4</i> ▪ Limitahan ang pagkakaingin at pagtotroso ▪ Palitan o tamnan ang mga lugar na pinagputulan ▪ Iparating sa kinauukulan ang ilegal na mga gawain ▪ Iwasang gumamit ng ilegal na pangingisda	▪ NGO, PNP, DENR, Associations ▪ LGU, DENR, Brgy. Officials ▪ Private Companies ▪ Gobyerno/LGU ▪ Brgy. Officials, Tanod’s, PNP ▪ Tayong lahat/mamamayan ▪ mamamayan, pinuno ng Brgy. At officials ▪ mamamayan, SK Associations, Brgy. Officials ▪ mamamayan, Brgy. officials ▪ mamamayan Brgy. Officials, PNP

11:55 a.m.: Carl: pagbabahagi ng resulta ng survey ng piding

12:08 a.m.: Evaluation

- Distribution of tokens (t-shirts)

12:19 p.m.: End of program

Kaniwalan

Date: 27 May 2006, 8:55 a.m. – 12:30 p.m.

Venue: Kaniwalan Primary School, Barangay Magsidel, Calayan, Cagayan

Attendees: Hanapin sa Annex 1 (23 participants)

Facilitator/s: Holy Rumusud, Michael Morales, Yen Javier

Schedule and highlights:

08:55 a.m.: Group dynamics: Bato-bato

09:00 a.m.: Pakilanlan

09:07 a.m.: Mga inaasahan

 Sarili	 Kasama	 Facilitator at ISLA	 Gawain
- Matuto - Makinig - Matuto kung ano ang mabuti	- Makinig, maki-isa - Kooperasyon - Umunlad	- Ano ang matutunan - Magbigay ng detalye - Ituro kung paano maprotektahan ang kalikasan - Magkaisa	- Ano ang pag-uusapan - Magpa-meryenda

09:26 a.m.: Carl: Pagpapakilala ng Isla Biodiversity Conservation, Inc. at ng Calayan Rail Project

- Ano ang kalikasan?

Ano ang kalikasan?	Para saan/kanino ito?
- Kung saan nabubuhay - Para sa mga tao - Bigay ng diyos - Para maipakita kung sino siya	- Para sa tao - Para sa lahat ng nabubuhay - Para sa ibon, hayop, tubig, lupa...

- Batayang konsepto sa pagsusuri
- Ano ang mga pagbabago sa mga nakalipas na dekada ?

(Hanapin sa Annex 2 ang output)

- Pagpapakita ng larawan ng kalikasan

10:36 a.m.: Action-planning (group discussion at reporting)

Gawain	Sino ang gagawa?
- Protektahan ang ating kalikasan - Bantayan - Bumuo ng grupo-kabataan - Magtanim ng maraming puno - Ipatigil ang pagkakaingin sa mga watershed areas - alamin ang mga watershed areas - sino ang mga nagkakaingin dito	- DENR, LGU, ISLA - Brgy. Officials - Mamamayan, Brgy. Officials, NGO's, LGU, Teachers(agr. Class) - Brgy. Officials, PNP

- Carl: pagbabahagi ng resulta ng survey ng piding

11:58 a.m.: Evaluation

- Distribution of tokens (t-shirts)

12:30 p.m.: End of program

Dadao

Date: 28 May 2006, 8:26 a.m. – 1:20 p.m.
Venue: Dadao Barangay Hall, Calayan, Cagayan
Attendees: Hanapin sa Annex 1 (45 participants)
Facilitator/s: Michael Morales, Holy Rumusud, Yen Javier
Schedule and highlights:

08:26 a.m.: Group dynamics: 7-Up

- Pakilanlan

08:37 a.m.: Mga inaasahan

 <i>Sarili</i>	 <i>Kasama</i>	 <i>Facilitator at ISLA</i>	 <i>Gawain</i>
Group 1 ▪ Mag-attend mentally	▪ Makinig	▪ Magbigay ng panahon para mag-lecture	▪ Makinig sa lecture sa pangangalaga ng kalikasan
Group 2 ▪ Matuto	▪ Makiisa	▪ Maraming malaman	▪ Isapuso ang matutunan
Group 3 ▪ Mag-attend	▪ Malaman kung ano ang tama	▪ Ipaliwanag kung paano ma-protektahan ang kalikasan	▪ Ipatupad ang napag-usapan
Group 4 ▪ Matuto ng impormasyon	▪ Mas madami ang malaman	▪ Makakuha ng impormasyon	▪ Maraming matutunan
Group 5 ▪ May malaman na mabuti ▪ Malaman ang pag-protekta sa paligid	▪ Magandang pakikisama	▪ Magbigay ng tamang impormasyon	▪ Malaman ang bagong paraan sa pagprotekta sa kalikasan

- Carl: Pagpapakilala ng Isla Biodiversity Conservation, Inc. at ng Calayan Rail Project

09:40 a.m.: Ano ang kalikasan?

Ano ang kalikasan?	Para saan/kanino ito?
▪ Dito sa mundo na maraming kayamanan at ibat-ibang uri ng hayop ▪ Nabubuhay at aalagaan ang kayamanan ▪ Ibon, dagat at tubig ▪ Tubig, ibon, isda at mga punong kahoy ▪ Ikinahahanap-buhay	▪ Para sa mga nabubuhay gaya ng hayop lalo na sa mga tao ▪ Para sa lahat ng may buhay dito sa mundo ▪ Para sa tao at lahat ng nabubuhay ▪ Para sa susunod na henerasyon

09:49 a.m.: Group dynamics : Bato-bato

- Batayang konsepto sa pagsusuri
- Ano ang mga pagbabago sa mga nakalipas na dekada ?

(Hanapin sa Annex 2 ang output)

- Pagpapakita ng larawan ng kalikasan
- Action-planning (group discussion at reporting)

Gawain	Sino ang gagawa?
▪ Magkaroon ng ibang kabuhayan - o Agriculture - o Pag-alaga ng hayop - o Furniture - o Handicraft ▪ Malaman ang mga presyo ng mga produkto sa market (para di umasa sa middlemen) ▪ Magkaroon ng murang transportasyon para sa mga produkto ▪ Itigil ang pagkakaingin ▪ Pigilan ang paggamit ng cyanide sa pangingisda ▪ Seminar - o Practical farmers class - o Forest conservation - o Marine & fisheries ▪ Strict implementation of laws and ordinances ▪ Provision of financial assistance for seed capital o livelihood projects	▪ DA, DTI ▪ DTI ▪ Provincial government ▪ DENR ▪ Tao, BFAR ▪ DA, MAO ▪ DENR c/o MENRO ▪ BFAR ▪ PNP ▪ Municipal LGU, Provincial LGU, National government

12:31 p.m.: Lunch break

1:02 p.m.: Carl: pagbabahagi ng resulta ng survey ng piding

- Evaluation
- Distribution of tokens (t-shirts)

1:20 p.m.: End of program

Consolidation and Action Planning Workshop

Date: 30 May 2006, 9:15 a.m. – 6:55 p.m.
Venue: Calayan Multi-Purpose Hall, Calayan, Cagayan
Attendees: Hanapin sa Annex 1 (18 participants)
Facilitator/s: Yen Javier, Carl Oliveros
Schedule and highlights:

09:15 a.m.:

- Pakilanlan
- Mga inaasahan

 Sarili	 Kasama	 Facilitator at ISLA	 Gawain
▪ Maging committed, share talents ▪ Malaman ang pwede pang itulong ▪ Ma-internalize ang matutunan ▪ Share action ▪ Doblehin ang commitment, magagawa na lahat ▪ Suportahan ng PNP Calayan ang output ng activity ngayon ▪ Makinig, magbahagi ng kaalaman ▪ Ibahagi ang kakayahan ng opisina	▪ Magtulungan ▪ Common na layunin para masolve ang present na problema ▪ Give support ▪ Wag maging ningas-kugon ▪ Makinig ▪ Makibahagi	▪ Maiparating sa kinauukulan ang problema ▪ Ang hindi masasabi ng grupo ay masasabi ng Isla ▪ Maging daan ng Calayanos ▪ Give support ▪ Hindi magpapabaya sa Calayan ▪ Magawan ng paraan ang problema ng Calayan ▪ Maging tagapagpadaloy ng usapan	▪ Magkakaisa sa gawain ▪ Aksyunan at bigyan ng solusyon ▪ Makagawa ng plano sa pagprotekta ng Calayan. ▪ Action planning ▪ Hindi hihinto dito kundi magpapatuloy ▪ May meryenda ▪ Output ay recorded at documented para may batayan ▪ I-validate ang mga nakuhang data

